



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA – 58 NA KARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA – 12 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 17, 2026, IKA – 1:30 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Robert S. Quiatchon	- Tagapangulo
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal David D. De La Cruz	- Miyembro
Konsehal Michael O. Pongyan	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Christopher Y. Carvajal	- Miyembro
Konsehal Gualberto V. Magno	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo ng Liga ng mga Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- MSKF President

Hindi Nakadalo:

Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
----------------------------	------------

KAPASYAHAN BLG. 284
Taong 2026

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO, G. ORLANDO A. DOMINGO

SAPAGKAT, si G. ORLANDO A. DOMINGO ay naging kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro, mula Marso 1, 2004 hanggang Agosto 15, 2026, at buong katapatan at dedikasyon na naglingkod sa Pamahalaang Bayan sa loob ng mahigit dalawampu't dalawang (22) taon;

SAPAGKAT, sa kanyang mahabang panunungkulan bilang kawani ng Pamahalaang Bayan, ipinakita ni G. Domingo ang kanyang kasipagan, katapatan, pagiging responsable, at dedikasyon sa paglilingkod-bayan, na naging mahalagang bahagi ng kanyang pakikipag-ugnayan at paglilingkod sa mga opisyal, kapwa kawani, at mamamayan ng Bayan ng Roxas;

SAPAGKAT, ang kanyang pagpanaw noong Agosto 15, 2026 ay nagdulot ng matinding kalungkutan sa kanyang pamilya, mga kamag-anak, kaibigan, mga dating kasamahan sa trabaho, at sa buong pamayanang kanyang napaglingkuran;

SAPAGKAT, ang kanyang mga taon ng tapat at marangal na paglilingkod sa Pamahalaang Bayan ng Roxas ay mananatiling bahagi ng kasaysayan ng ating lokal na pamahalaan at magsisilbing alaala ng kanyang kontribusyon sa serbisyo publiko;

SAPAGKAT, sa panahon ng pagdadalamhati, nararapat lamang na ipabatid ng Sangguniang Bayan ang taos-pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa pamilya at mga naulila ni G. Orlando A. Domingo, bilang pagkilala sa

ROBERT S. QUIATCHON

FERDINAND V. TALENS, MPA

kanyang naging ambag at serbisyo sa Pamahalaang Bayan at sa mamamayan ng Roxas.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Marietta R. Pajila at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na dating kawani ng Pamahalaang Bayan, G. Orlando A. Domingo, ang taupusong pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong G. Orlando A. Domingo lakip ang taupusong pakikiramay.

PINAGTIBAY: Agosto 17, 2026

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


ROBERT S. QUIATCHON
Tagapangulo

MUNICIPALITY OF ROXAS
HUMAN DEVELOPMENT AND SOCIAL WELFARE
OFFICE
BY: 
DATE: 8/10/2024
TIME: 4:59 pm